

# LETSUGAS

Ang letsugas ay isa sa mga popular na gulay, kadalasan ito'y ginagawang salad. Madalas din itong itanim dahil madali lang itong patubuin. Nagtataglay ito ng mga bitaminang *A, K, Folate* at *Protein.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Angkop ang lupang banlik na mataba at sagana sa organikong bagay at may pH na 6.5-7.0. Karaniwang itinatanim ang mga letsugas sa mga lugar na malalamig na may temperaturang 12 - 20°C. May ilang letsugas din na maaring itanim sa mababang lugar.

## PAGPILI NG BINHI

Maraming klase ng binhi ang letsugas, ngunit ang madalas itanim ay ang barayti na Loose Leaf, Romaine, at Crisphead.



*Loose*



*Romaine*



*Crispy*

## PAGTATANIM

Pulbusin ang lupa at lagyan ng 1kg pinatuyong chicken manure at 300g na carbonated rice hull kada metro kwadrado. Ilagay ito sa mga punlaan at basain. Mas mainam na gumamit ng seedling tray upang madali ang pagtanim at pagbunot nito.

Kung wala namang seedling tray, gumawa ng mga tudling sa punlaan na may pagitan na 7-10cm. Ibabad ang mga buto sa maligamgam na tubig sa loob ng apat na oras. Patuyuin ang mga ito sa hangin at ibudbod ng manipis sa punlaan. Takpan ng kaunting lupa ang punlaan.

## PAGLILIPAT-TANIM

Ilipat tanim ang mga letsugas kapag ito ay may 10 hanggang 14 na araw. Diligan ang bawat butas o tundos ng lubusan at maglipat tanim ng isang punla bawat butas. Kapag tag-araw, mainam na maglipat tanim sa umaga o hapon, para maiwasang mabigla ang mga halaman.

## PANGANGALAGA

Ang madalas na pagdidilig ay kailangan. Pwedeng gumamit ng sprinkler o drip irrigation. Maglagay din ng manure tea o fermented plant juice ng isang beses sa isang linggo upang maging malusog ang mga halaman at tumaas ang resistensya ng mga ito laban sa mga sakit at peste.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Dapulak at semi-looper ang pangunahing peste ng letsugas. Para makontrol ang mga ito mag-ispray ng dinurog na sili (100g sa 16L na tubig) na hinaluan ng isang kutsara ng powdered na sabon. Pangunahing sakit din ang pagkabulok sanhi ng fungus. Maiiwasan ito kung may maayos na paagusan at mataas na lebel ang taniman.



*Dapulak*

## PAG-AANI

Pagkalipas ng 45-60 araw mula pagkalipat tanim, maaari nang anihin ang mga barayti na Crisphead, o kung medyo matigas na ang ulo. Ang mga Loose Leaf na barayti ay maaaring anihin bago mamulaklak, at kung umabot na sa kailangang laki. Gawin ito ng maaga para maiwasan ang pagkalanta ng mga dahon. Putulin ang buong halaman na nasa ibabaw ng lupa para mapanatili halos lahat ng dahon.

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com